



Public Health  
England

**NHS**

**Pagpapabakuna laban sa COVID-19**

# Ano ang dapat asahan

**Impormasyon para sa  
mga taong nagpaturok  
ng unang bakuna laban  
sa COVID-19**



**Pagpapabakuna laban sa COVID-19**  
Protektahan ang sarili.

# Mga Nilalaman

Ano ang mga side effect?

---

Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?

---

Maaari ba akong bumalik sa normal na mga aktibidad pagkatapos magpabakuna?

---

Ano ang susunod kong gagawin?

---

Ano ang dapat kong gawin kung sa susunod kong appointment ay masama ang aking pakiramdam?

---

Mapropektahan ba ako ng bakuna?

---


Maaari ba akong makapanghawa ng COVID-19 sa sinuman, ngayong nabakunahan na ako?

**Pakibasa ang polyeto tungkol sa impormasyon sa produkto para sa higit pang detalye sa iyong bakuna, kabilang ang mga posibleng side effect, sa pamamagitan ng paghahanap sa Coronavirus Yellow Card.**

**Maaari mo ring i-ulat ang mga hinihinalang side effect sa parehong website o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.**



[coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk](https://coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk)



## **Ang mga taong pinakananganganib mula sa mga kumplikasyon ng COVID-19 ang unang inaalok ng bakuna laban sa COVID-19.**

Ang bakunang inaalok sa iyo ay kabilang sa mga unang naaprubahan ng Medicines and Healthcare products Regulatory Agency (MHRA) bilang ligtas at mabisa.

Kakatanggap mo lang ng iyong unang dosis at ngayon ay dapat mong planuhing makapunta sa iyong susunod na appointment. Ang polyetong ito ay isang gabay sa kung ano ang gagawin ngayon.

**Sa UK, mayroong dalawang uri ng bakuna laban sa COVID-19 na gagamitin sa sandaling maaprubahan ito. Pareho silang nangangailangan ng dalawang dosis upang makapagbigay ng pinakamahusay na proteksyon. Pareho itong napatunayang ligtas at epektibo sa mga klinikal na pagsubok.**

Inirekomenda ng isang independiyenteng grupo ng mga dalubhasa na i-alok ng NHS ang mga bakunang ito sa mga may pinakamataas na panganib na mahawa at magkaroon ng mga malubhang kumplikasyon kung mahawa sila.

Kasama rito ang mga mas may edad na nasa mga bahay-kalinga at frontline na mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at panlipunan. Kapag magkaroon ng mas marami pang bakuna, ang mga bakuna ay iaalok sa ibang taong nanganganib sa lalong madaling panahon.

## Ano ang mga side effect?

Tulad ng lahat ng gamot, ang mga bakuna ay maaaring makapagdulot ng mga side effect. Ang karamihan sa mga ito ay banayad at panandalian, at hindi lahat ng tao ay magkakaroon nito. Kahit na mayroon kang mga sintomas pagkatapos ng unang dosis, kailangan mo pa ring magpaturok ng pangalawang dosis. Bagaman maaari kang makakuha ng kaunting proteksyon mula sa unang dosis, ang pagpapaturok ng pangalawang dosis ay magbibigay sa iyo ng pinakamahusay na proteksyon laban sa virus.

### **Kabilang sa mga pinakakaraniwang side effect ang:**

- Pagkakaroon ng masakit at mabigat na pakiramdam at pananakit sa braso kung saan ka tinurukan. Madalas na lalala ito sa una hanggang ikalawang araw pagkatapos ng pagbakuna
- pagkapagod
- sakit ng ulo
- pangkalahatang mga pananakit, o mga sintomas na tulad ng sa banayad na trangkaso

Bagaman ang pakiramdam na parang nilalagnat ay bibihira sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw, ang mataas na temperatura ay hindi karaniwan at maaaring nagpapahiwatig na mayroon kang COVID-19 o iba pang impeksyon (tingnan ang payo sa pahina 5). Ang isang hindi pangkaraniwang side effect ay ang pamamaga ng mga glandula. Maaari kang magpahinga at uminom ng normal na dosis ng paracetamol (sundin ang payo sa pakete) para matulungang mapabuti ang iyong pakiramdam.

Ang mga sintomas na ito ay karaniwang tumatagal nang wala pang isang linggo. Kung tila lumalala ang mga sintomas mo o kung ikaw ay nababahala, tumawag sa NHS 111. Kung

magpapatingin ka sa isang doktor o nars, tiyaking sabihin sa kanila ang tungkol sa iyong pagpapabakuna (ipakita sa kanila ang card ng pagbabakuna) para masuri ka nila nang tama. Maaari mo ring i-ulat ang mga hinihinalang side effect ng mga bakuna at gamot sa pamamagitan ng Yellow Card scheme.

Magagawa mo ito online sa pamamagitan ng paghanap sa Coronavirus Yellow Card o sa pag-download ng Yellow Card app.

## **Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?**

Hindi mo makukuha ang COVID-19 mula sa bakuna ngunit posibleng nagkaroon ka ng COVID-19 at hindi mo namalayang mayroon ka ng mga sintomas hanggang sa natapos ang iyong appointment sa pagpapabakuna.

### **Ang pinakamahalagang mga sintomas ng COVID-19 ay ang kamakailang pagkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:**

- bagong patuloy na pag-ubo
- mataas na temperatura
- kawalan ng, o pagbabago sa iyong normal na panlasa o pang-amoy (anosmia).

Bagaman maaaring magkaroon ng sinat sa loob ng isa o dalawang araw matapos ang pagpapabakuna, kung mayroon kang anumang iba pang mga sintomas ng COVID o magtagal pa ang iyong lagnat, manatili sa bahay at magplanong magpasuri.

**Kung kailangan mo ng higit na impormasyon sa mga sintomas, bumisita sa [www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/symptoms/](https://www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/symptoms/)**


## Maaari ba akong bumalik sa normal na mga aktibidad pagkatapos magpabakuna?

Oo, dapat maaari mong maipagpatuloy ang mga aktibidad na normal para sa iyo hangga't maayos ang pakiramdam mo. Kung lubhang masakit ang iyong braso, maaaring mahirapan kang magbuhat ng mabibigat. Kung masama ang pakiramdam mo o labis na pagod, dapat kang magpahinga at umiwas sa pagpapatakbo ng makinarya o pagmamaneho.

## Ano ang susunod kong gagawin?

Magplano na makarating sa iyong pangalawang appointment. Dapat may record card ka at ang iyong susunod na appointment ay dapat sa pagitan ng 3 at 12 linggo makalipas. Mahalagang magpabakuna ng parehong dosis ng iisang bakuna upang mabigyan ka ng pinakamahusay na proteksyon.

**Pag-ingatan ang iyong card at tiyaking pumunta sa iyong susunod na appointment para makuha ang iyong pangalawang dosis.**



## Ano ang dapat kong gawin kung sa susunod kong appointment ay masama ang aking pakiramdam?

Kung masama ang iyong pakiramdam, mas mabuting maghintay hanggang sa ika'y gumaling bago magpabakuna, ngunit dapat mong subukang makuha ito sa lalong madaling panahon. Hindi ka dapat pumunta sa appointment sa pagpapabakuna kung nagbukod ka ng sarili, naghihintay ng resulta ng pagpapasuri sa COVID-19 o hindi ka sigurado kung maayos ang iyong kalusugan at kalagayan.

## Mapoprotektahan ba ako ng bakuna?

Ang bakunang natanggap mo laban sa COVID-19 ay napatunayang nakakabawas ng tsansang magkaroon ka ng sakit na COVID-19. Sinubukan ang bawat bakuna sa higit sa 20,000 katao sa iba't ibang bansa at napatunayang ligtas.

Maaaring abutin ng isa o dalawang linggo bago makabuo ang iyong katawan ng kaunting proteksyon mula sa unang dosis ng bakuna. Tulad ng lahat ng gamot, walang bakuna na ganap na epektibo, kaya't dapat mong ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga inirekumendang pag-iingat upang maiwasan ang pagkakahawa. May mga taong maaari pa ring magkaroon ng COVID-19 kahit na nagpabakuna, ngunit hindi na dapat ito gaanong malubha.

## Maaari ba akong makapanghawa ng COVID-19 sa sinuman, ngayong nabakunahan na ako?


Ang bakuna ay hindi maaaring magdulot sa iyo ng COVID-19, at isang kumpletong pagbabakuna ang makakabawas sa posibilidad na magkasakit ka nang malubha. Hindi pa natin alam kung mapipigilan ka nitong makakuha at makapagpasa ng virus, ngunit inaasahan naming mababawasan nito ang panganib na ito. Kaya, mahalaga pa rin na sundin ang patnubay sa iyong lugar upang maprotektahan ang mga nasa paligid mo.

### Upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya, mga kaibigan at katrabaho, kakailanganin mo pa ring:

- ugaliin ang pagdistansya sa kapwa
- magsuot ng face mask
- hugasan ang iyong mga kamay nang mabuti at madalas
- sundin ang kasalukuyang patnubay sa [www.gov.uk/coronavirus](http://www.gov.uk/coronavirus)

## Tandaan

Ang COVID-19 ay naikakalat sa pamamagitan ng mga patak (droplets) na hinihinga palabas mula sa ilong o bibig, lalo na kapag nagsasalita o umuubo. Maaari din itong makuha sa pamamagitan ng paghawak sa iyong mga mata, ilong at bibig pagkatapos na humawak sa mga kontaminadong bagay at ibabaw.



**Pagpapabakuna, nakakatulong na maprotektahan ang mga may pinakamataas na panganib na mahawahan.**

Kung kailangan mo ng higit na impormasyon tungkol sa pagpapabakuna laban sa COVID-19, bumisita sa:

[www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/coronavirus-vaccination/coronavirus-vaccine/](http://www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/coronavirus-vaccination/coronavirus-vaccine/)

© Crown copyright 2020

COV2020307V2TL 1p 22M DEC (APS)

Public Health England gateway number: 2020566

Maaari kang humingi ng higit pa ng mga libreng polyetong ito sa [www.healthpublications.gov.uk](http://www.healthpublications.gov.uk)